

**Magkukuwento na si Lola:  
Ang Mga Kuwento ni Lola Basyang  
sa Libro, Teatro, Telebisyon, at Radyo**  
*ni Christine S. Bellen*

---

*This paper analyzes how the popular stories of Severino Reyes have been translated into various forms of media. After Gilda Cordero-Fernando translated the story into English in 1997 for Tahanan Books, Lola Basyang stories became even more a part of children's literature. On the other hand, the publication of Lola Basyang picture books in 2004-2005 and 2007 paved the way for the stories to be adapted for dance, theater, television, and radio. Each of these media required different ways of adapting the classic stories.*

---

**B**ago sumapit ang Dantaon 21, naisalin sa iba't ibang anyo ang “Mga Kuwento ni Lola Basyang”, mula sa orihinal na mga kuwentong nalathala sa *Liwayway* magasin noong 1925. Naisa-radyo ito matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig at naisa-pelikula kinalaunan noong 1947, 1952, at 1958. Naisa-komiks din ang ilan sa mga kuwento nang mga taong iyon at inilathala ang unang tatlong antolohiya mula sa mga piling kuwento. Nasundan ito ng muling pagsasa-antolohiya ng dalawang aklat noong 1975 upang gunitain ang ika-50 anibersaryo ng pinakaunang kuwento na inilathala sa *Liwayway* magasin noong 1925, “Ang Plautin ni Periking.” Dekada 1980 nang muli itong maulit sa pelikula na ipinalabas ng Regal Films. Bagama’t hindi talaga hinalaw sa mga kuwento ni Severino Reyes ay naging tanyag ang pelikula sa paggamit ng Lola Basyang sa kuwento na pinangunahan ni Chichay. Naging inspirasyon din ang Lola Basyang sa paglabas ni *Ora*

Bellen

*Engkantada*, na mayroon ding lolang nagkukuwento na pinangunahan naman ni Luz Fernandez. Noong 1997 ay inilathala ng Tahanan Books ang antolohiyang *The Best of Lola Basyang/ Timeless Tales for the Filipino Family*, na isinalin sa Ingles ni Gilda Cordero-Fernando at binigyan ng introduksyon ni Dr. Bienvenido Lumbera. Naging simula ito upang muling mapanuod ang adaptasyon ng tatlong kuwento mula sa “Mga Kuwento ni Lola Basyang” sa *Hirayamanawari* ng ABS CBN 2. Mula noong 2000, muli itong nabuhay sa iba pang mga anyo – dulang musikal at ballet, telebisyon at radyo. Sa papel na ito, sisikaping mailahad ang mga pinagdaanang proseso sa paglipat-lipat ng anyo ng mga kuwento sa kasalukuyan at ang pagtatasa sa mga pagbabago, gayundin sa mga katangiang patuloy na nananatili rito bilang tatak ng tunay na “Mga Kuwento ni Lola Basyang”.

### Si Severino Reyes o Don Binoy

Nabuhay si Severino Reyes sa mga huling bahagi ng dominasyon ng mga Kastilang mananakop at unang bahagi ng panahon ng pananakop ng mga Amerikano sa Pilipinas. Ipinanganak siya noong Pebrero 11, 1861 at namatay noong Setyembre 15, 1942. Edukasyong Kastila ang humubog kay Reyes. Nagsimula siya ng pag-aaral sa ilalim ni Don Catalino Sanchez at nagpatuloy sa *escuela de segunda enseñanza* sa San Juan de Letran. Nakapagtapos siya ng Pilosopiya sa Unibersidad ng Santo Tomas. Upang maiwasan noon ang sapilitang serbisyon militar o *quintas* sa ilalim ng Espanya, pumasok si Severino Reyes o Don Binoy bilang empleyado sa Tesoreria General de Hacienda. Dito siya unang nakitaan ng diwa ng pagsuway sa patakaran ng mga mananakop. Sa mga pagkakataong may okasyon sa kanyang trabaho, pinipili niyang isuot ang Barong Tagalog na katutubong kasuotan kaysa amerikanang isinusuot ng kanyang mga kasama sa trabaho. Napangasawa niya si Maria Paz Puato at nagkaroon sila ng 17 anak ngunit ilan lamang dito ang nabuhay.

Nang sakupin ng mga Amerikano ang Pilipinas, nanaig kay Reyes ang patriotismo. Naging mahalaga ang ambag niya sa dulaan, nang sikapin niyang mapalitan ng *sarsuwela* ang mga dulang *komedya o moro-moro*. Naging kanlungan ang anyo ng sarsuwela para sa mga temang sedisyoso na siyang umusbong sa dulaan noong unang dekada ng Dantaon 19 laban sa pananakop ng mga Amerikano. Noon kinilala si Reyes bilang “Ama ng Sarsuwelang Tagalog”.

Nakapagbukas ng daan ang pag-usbong ng magasin sa panahon ng mga Amerikano upang maipagpatuloy ni Severino Reyes ang kanyang pagsusulat. Matapos ang naging napakahalaga niyang ambag sa dulaan, nagsimula siyang magsulat sa *Liwayway* magasin noong 1925. Nakapagsulat siya ng maraming kuwento at artikulo bago iluwal ang “Mga Kuwento ni Lola Basyang” na sa taong iyon rin lumabas at dito ay higit siyang nakilala. Naging regular na ang labas nito simula noong Mayo 22, 1925 nang isulat niya ang “Ang Plautin ni Periking” sa “Mga Kuwento ni Lola Basyang”. Pantasya na may impluwensya ng Romantisismo ang anyo ng mga kuwento na umabot sa higit na 500 kuwento mula 1925 hanggang 1942. Masasabing malaki ang ambag ng katutubong tradisyong oral sa mga kuwento ni Reyes, kahit ang mga ito’y nakalimbag na.

Maraming kasabay na manunulat si Reyes nang mga panahong iyon, ngunit nagtagal ang kanyang mga kuwento, na itinuturing na isa sa mga dahilan kung bakit din nagtagal ang pagtangkilik sa *Liwayway* magasin. Ang 80 porsyento ng mga kuwento ay tapusan at kaunti lamang ang tuluyan. Isa sa katangian ng mga kuwento noon dahil sa komersyalismo ay ibitin ang mga tagapagbasa sa kanilang kuwento upang bumili silang muli sa susunod na sipi ng lingguhang magasin upang mabasa ang karugtong ng sinusubaybayang kuwento. Lubhang masipag si Reyes sa kanyang pagsusulat ng “Mga Kuwento ni Lola Basyang”, na karamihan ay halaw sa mga katutubong kuwentong bayan o *folktales*, kasama na ang mga mito, alamat, at sa mga sariling kuwento. Ang kakayanan niyang bigyan ng panibagong bihis – ang iangkop o bigyan ng apropiasyon sa kulturang Pilipino ang

Bellen

mga tradisyunal na kuwento – ang siyang dahilan upang makipagtagisan ang mga ito sa panahon.

### **Ang Mga Kuwento ni Lola Basyang sa *Liwayway* Magasin**

Mahahati sa walong uri ang tema ng mga kuwento na lumabas sa *Liwayway* (1925-1942), na siya ring ginawang 15 *picture books* ng muling pagsasalaysay ng “Mga Kuwento ni Lola Basyang” sa kasalukuyan. Una, ang mga kuwento ukol sa katarungan. “Ang Bioling Mahiwaga” (lumabas noong Enero 22 at 29, 1937), “Ang Higanti ng Duwende” (Setyembre 18, 1925), at “Rosamistica” (Disyembre 31, 1926) ay nagpapakita ng amo na malulupit sa kanilang mga katulong. Sa “Rosamistica,” tiyuhin at tiyahing umampon kay Rosamistica ang umapi sa kanya at itinuring siyang katulong. Sa “Sino ang Dapat Pugutan” (Hulyo 17, 1931), nakaranas ang amo ng kalupitan ng kapwa amo, ang kanyang ministro, nang magkunwari ang sultan na karaniwang tao, kaya’t ginawaran niya ang ministro ng parusang kamatayan.

Ikalawa ay ang tema ng pag-ibig at pakikipagkaibigan. Ang pagtatanggol ng prinsesa sa prinsipeng sa “Ang Prinsipeng Mahaba ang Ilong” (Oktubre 20 at 27, 1933) sa pangungutya rito ng mga tao ang naging daan para sila maging magkaibigan, at magkasintahan. Sa “Prinsipeng Ibon” (Oktubre 28, 1932 at Nobyembre 4, 1932) inibig ng Prinsesa Singsing ang Prinsipeng Ibon sa kabila ng pagiging taong ibon nito at sa huli, dahil sa ayaw silang payagan ng hari na magsama, ay nagpasya ang prinsesa na maging ibon na rin at sumama sa prinsipeng ng mga ibon. Tumapang naman ang prinsipeng sa “Ang Duwag” (Disyembre 25, 1936 at Enero 1, 1937) matapos siyang iligtas ng Prinsesa Maria sa digmaan kung saan nakipagpalit ito sa asawa ng kasuotang pandigma upang maitago ang kahihyan ng pagiging duwag ng prinsipeng. Sa pag-iibigan rin nauwi ang pagliligtas ni Yani sa Prinsipeng Beni Hamad mula sa sumpa ng Reyna ng mga Ada sa “Palasio ng Duende” (Hulyo 24, 1931).

Ikatlo ay ang tema ng pakikipagsapalaran na matatagpuan sa “Si Pandakotyong” (hindi mahanap ang petsa ng paglalathala), na isang maliit na lalaking pinatunayan ang kanyang talino at tapang kaya’t naging hari sa huli. Gayundin naman ang paghahanap ni Pedro sa tatlong mga kapatid na Maria na kinuha ng malaking ahas na nananahanan sa puno ng Kolesmeloko na pinutol ng kanilang ama sa “Ang Kapatid ng Tatlong Maria” (Mayo 2, 9, 16, 23, at 30, 1930).

Ikaapat ay ang tema ng kapangyarihan ng babae na ginamit ang talino at ganda laban sa isang datu na hindi payag sa pag-iibigan ng karaniwang babae at ng anak na prinsipe. Makikita ito sa “Ang Binibining Tumalo sa Mahal na Hari” (Setyembre 6, 1929).

Ikalima ay ang tema ng pagpapahalaga sa kalikasan, partikular na ang paglilinis ng ilog kung saan namamahay ang mga lamok, sa “Ang Pangako ng Higante” (Nobyembre 11 at 18, 1938).

Ikaanim ay ang tema ng pagpapahalaga sa kapatid sa “Ang Plautin ni Periking” (Mayo 22, 1925), na kahit na iniiwan-iwan nina Pedro at Tolo ang kanilang bunsong kapatid na si Periking ay iniligtas pa rin sila nito mula sa Gobernador ng Pangasinan na nagnakaw ng kanilang mga “galing” at nagpakulong sa kanila.

Ikapito ay ang pagsubok para sa anting-anting na pinagdaanan ni Huwan upang makakuha ng mahiwagang bagay na magpapatapang sa kanya. Ang huli ay ang katatawanan o masasabing kuwentong *nonsensical* sa “Ang Pitong Tarantado” (Nobyembre 22, 1929) na dumaaan sa pakikipagsapalarang walang kawawaan.

Sa mga panahong nailathala ang mga kuwento sa *Lidayway*, hindi naging kaila ang popularidad nito. May isang tala ukol sa naging pagtangkilik sa sirkulasyon ng lingguhang magasin na siyang pinaglathalaan ng mga kuwento.

Noong mga 1930, noong wala pang gaanong libangan ang mga tao, ang *Lidayway*, pagdating sa kalsada ay hindi nagtatagal sa mga tagapaglako at sadyang inaabangan na ng mga mambabasa. Ang magasin ay babasahin ng ina ng tahanan na ipapasa sa mga anak at pagdating ng gabi ay babasahin naman ng ama ng tahanan

pagkagaling sa trabaho. Ang magasin ay hinihiram ng kapitbahay kinabukasan at pagpapasahan ng pamilya nito. Lumitaw ang telebisyon, dumami ang mga sinehan at nagkaroon ng iba't ibang libangan ang tao, ngunit ang *Liwayway* bilang babasahin ay hindi naisantabi. Patuloy na nakipaglaban ang *Liwayway* bilang isang anyo ng libangan. At nagtagumpay ito (Samson, 1981: 26).

Mayroong ilang mga panayam sa mga matatandang may gulang 70 pataas na nagpapatunay na kapakipakinabang ang “Mga Kuwento ni Lola Basyang” na binabasa nila sa *Liwayway* bukod pa sa aral at aliw na nakukuha nila rito. May matatandang Tsino na ginamit pa ang mga kuwento ni Reyes upang mag-aral ng wikang Tagalog sa mayamang koleksyon noon ng *Liwayway* magasin sa opisina ng Chinese Association na siyang kumupkop sa kanila. Ang mga kuwento ay nagsisilbi ring tagapagpaalala sa mga mambabasa noon sa kanilang kasaysayan sa loob ng kasaysayan ng kanilang bayan (Bellen, 2003: 52-55).

Sa mga kuwento, nabubuo sa imahinasyon ng mga mambabasa, na si Tandang Basyang bilang lola na nagkukuwento ay karaniwang nakaupo habang napaliligiran ng mga apong nakikinig, tulad ng orihinal na pinaghalawan ng inspirasyon ni Severino Reyes na si Gervasia Guzman de Zamora o Tandang Basiang ng Quiapo, Maynila. Naging padron ng mga kuwento ang dayalogo kung saan humihiling ang mga apo kay Lola Basyang na magkuwento. Saka ito magsisimula ng, “Ang kuwento natin ay tungkol sa o pinamagatang...” at sa huli o pagkatapos ng kuwento ay sasabihin naman nitong “At diyan nagtatapos ang kuwento”. Susundan pa ito ng papuri ng mga apo dahil sa ganda ng kuwentong napakinggan nila. Isang halimbawa ang hinalaw sa mga lumang sipi ng *Liwayway*.

Sa siping ito, gumugol ng espasyo sa kuwento ang pilitan sa simula ng magnununo. Tumutuloy rin sa biruan ng mga apo na nagsisilbing daan upang makasilip ang mambabasa sa mundo ng pamilya ni Lola Basyang bago magbukas ang daigdig ng kuwento.

“Lola, ibig ko sana’y iyong may mga loob sa Dios”  
ani Panching.

“Oo iba: May loob sa Dios, sa tuwi na’y may loob  
sa Dios ang ibig na batang ito, di malayong paglaki  
nitong si Panching ay magmadre”.

“Adios, Sor Panching!” ang sigawan ng mga lalaki.  
“Magtigil kayo, mga sanggano” ani Panching na  
muhing-muhi.

“At bakit, masama bang magmadre?”

“Kung *madre de muchos hijos* ay mabuting-mabuti”  
ani Vicenting, “Kung *sin hijos*, ay huwag”.

Tigil na kayo at ako’y magsisimula na” anang  
Tandang Basiang.

Sa katapusan ng mga kuwento, karaniwang maikli na  
lamang ang sinasabi ng mga apo o ni Lola Basyang bilang  
pagwawakas. Pinakamadalas na pagtatapos ang papuri ng mga  
apo sa kuwento ng lola. Marahil may kinalaman din sa espasyo ng  
pahina sapagkat may kahabaan ang “Mga Kuwento ni Lola  
Basyang.”

Sa ganitong istruktura ng mga kuwento kung saan may  
kuwento sa loob ng kuwento, tumimo na sa kamalayan ng mga  
mambabasa na tunay ang lolang nagkukuwento. Mayroong drama  
sa “sariling pamilyang” kaabalahan niya sa buhay. Bumabagay  
ang istratohiyang ito para magkaroon ng simpatya o pakikiramay  
sa *dynamics* o sistema ng pamilya na siyang tumatangkilik ng  
babasahin. Ang pagkakaroon ng “*sense of community*” o pakikipag-  
kamag-anak ay sumusunod din sa pamilyarisasyon ng pagsubaybay  
sa mga kuwento kung saan nakikila ang mga apo ni Lola Basyang  
at ng mga pinagdadaan din nila. May kinalaman din ang mga ito  
sa paraan ng kung paano pinagpapasa-pasahan ang babasahin, na  
lalong nagpapatatag sa pamilyarisasyon ng mga kuwento.

Tinangkilik din ito ng mga batang maliliit, na hindi pa  
marunong o hindi pa bihasa sa pagbabasa. Nagiging karanasan  
din nila, kung gayon, ang imahen ng lola at mga apo sa kuwento.

Bellen

Pagsasanib ito ng tradisyong oral sa tradisyong nakalimbag. Bagamat nakalathala, kinakailangan itong basahin nang malakas at pakinggan naman ng mambasasa na sa ganitong kaso ay nagiging audience na. Maaaring hindi rin mawawala rito ang pagtatanghal ng tagapagkuwento. Hindi man sa galaw ng katawan, nagtatanghal ang tinig nito sa pagbabasa upang mapanatili ang interes ng mga nakikinig sa kanya.

Bukod pa sa mga nabanggit ang pinakamahalagang pagdalumat sa mga babaylang tagapagkuwento noon ng mga katutubong Pilipino. Kaya't sa pagbabasa pa lamang ng pamagat na "Mga Kuwento ni Lola Basyang" ay nabubuo na agad ang imahen ng isang matandang babaeng pinakikinggan ng lahat. Kaya't tumulay man ito sa ibang anyo, binubuhay pa rin ang imahen ng isang lola na nagkukuwento sa kanyang mga apo.

## Ang Iba't Ibang Anyo sa Kontemporaryong Panahon

*Aklat Pambata, Ang Picture Books*

*(Muling Pagsasalaysay ng Mga Kuwento ni Lola Basyang)*

Hindi naitala si Severino Reyes sa kasaysayan ng maikling kuwentong Tagalog bilang isa sa mga maikling kuwentista sa mga panahong ang mga kasabayan niyang manunulat sa *Liwayway* ay kinilala. May pagkakahawig man ang moda ng kanilang panulat na nasa impluwensya ng Romantisismo, higit na matinkad na pinangatawanan ni Reyes ang pagtahak sa pagsusulat sa anyong pantasya. Masasabing hindi man lahat ng kanyang kuwento ay nasa ganitong anyo, naging tanyag ang mga kuwento ng pantasya dahil sa unang tatlong antlohiyang inilathala noong 1950 na pinili ng kanyang anak na si Pedrito Reyes. Tulad ng nabanggit na karamihan dito ay mula sa mga tradisyunal na kuwentong halaw sa mga kuwentong bayan. Naging dahilan ito upang sa kinalaunan ay sa kanyang mga kuwento inugat ang pagsusulat ng modernong



kuwentong pambata sa Pilipinas. Naging institusyon ang mga kuwento, kung gayon, sa Panitikang Pambata.

Kinagigiliwan ng mga bata ang mga kuwentong halaw sa mga kuwentong bayan dahil sa mga katangian nito, tulad ng anyong pantasya at pantastiko, ang katatawanan o *humor*, ang pakikipagsapalaran ng mga tauhan o bayani. Nauunawaan nila ang drama ng buhay sa ganitong mga kuwento. Isa rin sa mga dahilan kung bakit ito naibigan ng mga bata nang muli itong isalaysay ay dahil sa panulat pa lamang ni Reyes ay tinimplahan na ito ng sensibilidad na Pilipino.

*There was a growing interest among writers and scholars in preserving the genuine traditional tales being told among the common folk. These they began to collect with laborious care, writing them down with scrupulous fidelity in the very words of the storyteller. Although the interest of the scholars was largely in the light these folk tales cast on ancient beliefs, customs, and superstitions, children found the stories packed with humor and drama, beauty and wonder. (Smith, 1953: 26)*


Bilang anyong pampanitikan, ang mga kuwentong pambata ay isang uri ng panulat na mayroong tiyak na *audience*. Ito ang isa sa mga isinaalang-alang sa muling pagsasalaysay ng “Mga Kuwento ni Lola Basyang”. Konsepto ng serye ng Anvil Publishing na maglathala ng mga kuwento ni Reyes para sa mga bata sa antas primarya. Pinili ang mga kuwentong magugustuhan ng mga bata at tutukoy sa kanilang mga isyu. Taglay ng mga aklat ang tema ng relasyong magkakapatid, pamilya at magkakaibigan, ang naiiba at iniiba, ang katapangan, ang talino ng kababaihan, kalikasan, hustisya at pag-ibig sa iba’t ibang antas. Sinuyod para sa picture books ang antolohiya noong 1950 at dalawang antolohiya noong 1975. Gayundin ang mga manuskritong nailathala sa *Liwayway* ngunit hindi naisa-aklat. Layunin ng picture books na maging pedagogikal bagama’t alternatibong babasahin. May pagsasaalang-alang ito sa husay ng wika bilang anyong pampanitikan. Sa unang

limang mga aklat, pinag-eksperimentuhang gawing Filipino ang pangunahing wika at naglagay na lamang sa likod ng buod sa wikang Ingles. Ngunit hindi ito naging epektibo, dahil kinailangan ding abutin ang mga batang anak ng diaspora. Ang mga kuwento ni Reyes ay maituturing na klasiko kaya't mainam na maiparating ang mga ito sa lahat ng batang Pilipino. Kaya't sa mga sumunod na sampu pang mga aklat, ginawa na itong bilingual. Nasa likod rin ng pahina ang mga gabay na tanong at glosari.

Isang katotohanan na taglay na ng picture books sa Pilipinas ang lahat – ang pedagohikal na aspekto at aliw sapagkat bukod pa sa politika ng mga aklat-pambatang Pilipino (na ito ay nahihirapang tumapat sa pagkahilig ng mga may kaya sa aklat pambatang Ingles) ay isinasaalang-alang naman ang pang-ekonomiyang sitwasyon sa pag-abot sa mga pangkaraniwang pamilyang bibili ng aklat.

Larawan ang isang aspektong lalong nagpatingkad sa picture books ng “Mga Kuwento ni Lola Basyang”. Nabigyan ng buhay ng mga ilustrador na sina Albert Gamos, Frances Alcaraz, Ruben de Jesus, Eliza Flores, Elbert Or at Hubert Fucio ang mga pakikipagsapalaran sa buhay ng mga tauhan sa kuwento.

Nilimitahan ng pahina ng picture book ang pagsasama pa ng “drama” ng lola at ng kanyang mga apo sa una at huli ng kuwento ngunit maririnig pa rin sa mga bahagi ng kuwento ang boses ng lolang tagapagsalaysay sa pamamagitan ng pagtatanong o kaya'y pagbibitiw ng mga



Ang pabalat ng isang aklat sa serye ng mga pambatang picture books na inilathala ng Anvil Publishing. Kinuha noong Pebrero 17, 2009 mula sa <http://www.anvilpublishing.com/stacks/pic2k5/lbseverinoprev.jpg>

kasabihan. Halimbawa, sa kuwentong “Ang Prinsipe ng Mga Ibon” matapos ang dalawang beses na hindi pagtupad ng Hari sa pangako sa kanyang anak na prinsesa na kapag natulungan ang kaharian nila ng katipan nitong ibon ay papayag na siyang magpakasal ang dalawa, matutunghayan ang ganitong katanungan:

“Ano kaya ang mangyayari sa pag-ibig ni Prinsesa Singsing at ng Prinsipe ng mga ibon?”

O sa “Ang Alamat ng Lamok”, matapos matuklasan ng mga taga Tungaw na kinakain ng higanteng Amok ang marurumi nilang kababayan:

“Iwanan kaya nila ang kanilang maruming bayan?”

Ang mga picture books na ito ang naging daan sa ating panahon upang mapukaw ang interes sa mga kuwento ng iba pang mga grupong pangkultura at maging ng komersyal na telebisyon na may adbokasiya para sa mga bata.

*Ang Philippine Educational Theatre Association o PETA  
(Dulang Musikal na Pambata: Mga Kuwento ni Lola Basyang)*

Matapos ng dalawang taong pagtatanghal ng *Hans Christian Andersen Must Be a Filipino* ni Rene O. Villanueva, itinanghal ng PETA ang adaptasyon ng tatlong kuwento ni Lola Basyang. Pinili mula sa mga picture books ang mga kuwentong “Ang Prinsipeng Mahaba ang Ilong”, “Ang Binibining Tumalo sa Mahal na Hari” at “Ang Prinsipeng Duwag”. Isinaalang-alang ng PETA sa pagpili ng mga ito ang layunin ng kanilang organisasyong panteatro na buhayin ang kultura at pagpapahalagang Pilipino sa mga bata at itaguyod ang mga karapatang pambata. Kinatawan ng tatlong dula ang mga tema ng pagkakaibigan, talino at lakas ng babae at kapayapaan. Inilahad ang mga dula sa pamamaraang literaryo at kulturang popular na siyang mapapansin sa mga wikang

ginamit dito. Sa naunang dalawang dula ay nasa antas literaryo ang diyologo at pati na mga awit, samantalang kolokyal naman at kulturang popular sa kasalukuyan ang ginamit sa huling dula.

May totoong “lola” na siyang si Lola Basyang sa dula, na sa paglabas pa lamang sa entablado ay tinatawag na ng mga bata. Brechtian ang konsepto ng dula kaya’t *interactive* ito, kinakausap ng Lola ang mga audience. Tumatahimik ang mga batang manonood dahil bilin ito ni Lola Basyang bago magsimula ang dula o kaya’y kapag pinaaalalahanan sila. Siya rin ay sumasagot ng mga tanong at nagbubuod ng mga aral matapos ang bawat isang kuwento. Gumaganap din si Lola Basyang bilang tauhan sa mga dula, sa papel na malapit sa kanyang tauhan, tulad ng matandang ermitanyo sa gubat.

Sa bersyong 2005 ng PETA, nagsisimula ang palabas sa kuwento ng tatlong batang hindi magawa ang karaniwan nilang *routine* tulad ng pagi-Internet, panonood ng DVD at pagbabasa dahil sa walang kuryente. Ito ang dahilan kaya dinalaw nilang muli si Lola Basyang. Ngunit ayaw nang magkuwento ng matanda dahil sa wala nang nakikinig sa kanya. Napagpasyahan ng tatlong bata na sila ang magsalaysay ng mga kuwento ni Lola Basyang. Sila ang nagsiganap na mga pangunahing tauhan sa kani-kanilang mga ikinuwento.

Adaptasyon ang ginawa sa dula sapagkat may mga elemento sa aklat na kinakailangang hindi lamang ikuwento kundi ipakita at pagalawin sa entablado. Halimbawa, sa aklat na “Ang Prinsipeng Mahaba ang Ilong”, prinsesa ang naging kaibigan ng prinsipe, na nakilala ng prinsipe nang minsang payagan siyang mamasyal sa gubat (hindi pinapayagang lumabas ang prinsipe dahil sa kanyang mahabang ilong). Sa dula pinatingkad ang usapin ng mga iniiba o “*other*” kaya’t isang babaeng maitim na mangangahoy ang kanyang naging kaibigan. Hindi rin taumbayan ang nanukso sa kanya kundi dalawang taong nakasalubong niya na ang isa ay bungal at ang isa ay bungi ngunit saksakan ng mga pintasero. Nakadagdag ang katatawanan sa interes ng mga batang manonood. Ipinaramdam din ng dula ang pagiging sangkot ng audience sa dula nang mahulog



Ang mga gumagap sa **Dulang Musikal na Pambata ng Mga Kuwento ni Lola Basyang** na isinadula ng PETA noong 2005.

sa kumunoy ang mga pintasero at kailangan ng mahabang bagay upang hilahin sila. Walang tali o baging, hindi rin sapat ang mahabang ilong ng prinsipeng kaya't kailangang humingi ng tulong ang Prinsipeng Mahaba ang Ilong mula sa mga bata sa audience upang hilahin at mailigtas sina Bungal at Duling.

Limitado ang mga tauhan sa dula. Sampu lamang ang itinakda ng PETA dahil kailangang bumagay sa *mobile theater* ang kanilang mga dulang pambata. Ang 10 aktor ay may kakayahang gampanan ang higit sa isang papel. Kailangan ding maging "portable" ang mga *props*, magaan at kaunti ngunit epektibo sa pagbuhay ng pantasya sa mga kuwento. Mahusay na ilaw ang isa sa mga sangkap ng pagtatanghal, bagama't hindi ito laging maasahan kapag nagtatanghal sa mga *gym*, *basketball court* at mga *public school* kapag nasa *tour* ang palabas. Sa kabuuan, lubos na

Bellen

tinangkilik ang dula at hindi lamang ito ipinalabas ng dalawang taon kundi nasa ikaapat na taon na ito ngayon.

### *Ang GMA 7: Mga Kuwento ni Lola Basyang*

Hindi isinama si Lola Basyang bilang tauhan ng *Mga Kuwento ni Lola Basyang* sa TV dahil sa katatapos lamang ng kanilang *Mahiwagang Baul* kung saan may tauhan din na lola. Si Manilyn Reynes, na kunwaring apo ni Lola Basyang, ang nagpadaloy ng mga kuwento. Isa siyang biyuda na pinangalanang Gervy (mula sa Gervasia Guzman de Zamora) at may anak siyang lalaki na si Efren at alagang asong si Pitik. Tuwing Linggo ay dala ng mag-ina ang kanilang *mobile library* at tumutungo sila sa iba't ibang lugar kung saan may mga bata — sa mga parke, sa tabing dagat, sa mga baryo at mga kalsada. Dala nila ang panghihikayat na magbasa ang mga bata, at ang pagtuturo ng mga aral na inaawit ni Manilyn sa bawat pagtatapos ng kuwento.

Mula sa muling pagsasalaysay, naging adaptasyon din ang mga kuwento para sa telebisyon. Kung sa teatro ay “ipinakita ang kuwento” sa pamamagitan ng paglikha ng mga sitwasyong nangangailangan ng interaksyon sa audience, dito naman ay kailangang magamit ang mga *special effects*, tulad ng mga *digital images* mula sa *computer*, para maganyak ang audience na manood. Totoong mahigpit ang labanan ng mga network sa mga palabas na pantasya. Kailangang lumikha ng tinatawag na *visual fantasy* sa tulong ng teknolohiya. Kung sa picture books ay tumutulong ang mga ilustrasyon upang mabuhay ang kuwento, sa telebisyon ay literal na kailangang pagalawin ang mga bagay, pagsalitaan ang mga hayop at gawing nakamamangha at *magical* ang ilang sitwasyon. Halimbawa, nilagyan ng gunting na nagsasalita ang “Ang Guwapong Sastre” kahit wala ito sa pinaghalawang kuwento ni Reyes. Ang mga nagsasalitang bagay, tulad ng mga nagsasalitang kalabaw at manok sa “Ang Parusa ng Duwende,” ay humahatak sa interes ng mga batang manonood. Gayundin ang mga diwatang *deus ex*

*machina*, lalo pa't maganda ang artistang gaganap dito, kahit wala ring diwata sa kuwento, tulad sa “Ang Prinsipeng Unggoy.”

Naghanap din ng mga lokasyong may mga “totoong palasyo”, ang makukulay na kasuotan para sa iba't ibang panahon ng mga kuwento at *prosthetics* o *make up* para sa mga tauhang tulad ng taong unggoy sa “Ang Prinsipeng Unggoy” at mahiwagang kuba sa “Mahiwagang Kuba.”

Sapagkat nagkukuwento rito ang “apo” ni Lola Basyang, may drama din sila ng kanyang anak, pati ang asong si Pitik. May mga sitwasyon na nagbubunsod sa kuwentong kanyang isasalaysay at sila mismong mag-ina ay natututo sa aral ng kuwento. Isang makabagong tumba-tumbang yari sa magaanng bakal ang ginagamit ni Gervy. Lagi nila itong dala sa kanilang mobile library na hila naman ng kanilang *pick-up* na sasakyan. Bumabalik din panakana ang kamera sa tagapagkuwento at sa mga nakikinig ng kanyang kuwento, habang ipinalalabas ang kuwento nang oras na iyon.



Kasama ng may-akda (kaliwa) sina Manilyn Reynes (kanan) at Paul Salas (gitna) sa *press conference* ng **Mga Kuwento ni Lola Basyang** na ipinalabas sa GMA 7 noong 2007.

Bellen

Nagtatanong din si Gervy o kaya'y nagsasaway ng mga makukulit na bata at nanghihikayat naman ng mga batang naroon ngunit hindi nakikinig.

Isinasaalang-alang sa pagpili ng mga artista ang mga *loveteam* na “nakakakilig” sa audience, lalo pa't kung ang kuwento ay tungkol sa prinsipeng prinsesa. Halimbawa, nang ma-*link* noon sina Mark Herras at Katrina Halili, sila ang pinagtambal sa “Ang Prinsipeng Unggoy” at sina Jennylyn Mercado naman at Patrick Garcia sa “Ang Mahiwagang Kuba.” Kinukuha rin para sa *episode* ang mga tinatawag na *rater* o yung malakas ang *appeal* sa mga manonood. Kasagsagan din noon ng *Starstruck* kaya't naging baluarteng sanayan din ang palabas para sa maliit ngunit mahalagang papel sa palabas.

Dalawampu't pitong *episode* ang ipinalabas ng GMA 7. Sayang at nasa kasagsagan ng paggamit dito ng ilang paaralan bilang *assignment* sa panitikan nang ito ay nahinto. May kahirapan ayon sa network ang mga kuwentong pantasya. Hindi ito tulad ng de seryeng palabas na pantasya na hindi pabagu-bago ang lokasyon at hitsura ng mga tauhan. Malaking halaga ang ginugugol sa mga kuwento bawat linggo. Nanalo ng Best Children's TV Program noong 2007 ang *Mga Kuwento ni Lola Basyang* at isang panghihinayang na hindi na ito naipagpatuloy bilang programang pambata sa telebisyon.

### *Ang Ballet Manila: Tatlong Kuwento ni Lola Basyang*

Nakatulong nang malaki ang mahusay na ilustrasyon ni Frances Alcaraz sa mga kuwentong *Ang Mahiwagang Biyulin*, *Ang Prinsipe ng mga Ibon* at *Ang Kapatid ng Tatlong Maria* upang makumbinse si Lisa Macuja-Elizalde, ang direktor ng Ballet Manila, na maaaring sayawin ang tatlong kuwento.

Tinaguriang “Ballerina of the People” si Lisa Macuja-Elizalde. Inilalapit niya sa mga karaniwang tao ang sining ng Ballet. Tulad rin ng “Mga Kuwento ni Lola Basyang,” ang sayaw ng Ballet Manila ay kapwa sining at kulturang popular. Ito ang mga uri ng





Ang mga gumanap sa **Tatlong Kuwento ni Lola Basyang** na inihandog ng Ballet Manila.

sining na masasabing epektibo sapagkat hindi eksklusibo ang audience. Sa panonood nila, nagiging mayaman ang karanasan ng mga tumatangkilik.

Alam ni Lisa Macuja-Elizalde na hindi nauunawaan ng mga karaniwang manonood ang *classical ballet*. Lalo pa sa Pilipinas kung saan higit na sanay ang mga tao sa spektakulo mula sa impluwensya ng moro-moro o komedya, sa drama na impluwensya ng sarsuwela at ng siste at katatawanan na matatagpuan sa ating mga kuwentong bayan. Matatagpuan ang mga katangiang ito sa iba pang mga anyo tulad ng mga pelikula, palabas sa telebisyon, gayundin sa mga ritwal ng kultura tulad ng mga prusisyon at piyesta o, sa katagang sabi, sa tinatawag na *folk culture* (Reyes, 2001:189). Sa ganito, sinisigurado niyang hindi masasayang ang panonood ng kanyang mga audience bagama't hindi rin masasakripisyo ang kalidad ng isang mahusay na sining.

Sa **Tatlong Kuwento ni Lola Basyang**, mayroong tauhang Lola Basyang na ginampanan ni Luz Fernandez. Mayroon ding tatlong mga bata na kanyang mga “apo.” Si Lisa Macuja-Elizalde ay siyang tagapakinig tulad ng mga “apo,” nagsisilbi rin siyang saksi

Bellen

sa mga kuwentong isinasayaw. Pumapasok-pasok siya sa mga bahagi bilang isang hindi nakikitang tauhan ngunit nagsisilbing patunay na “totoo” ang mga kuwento dahil naroon siya at bahagi siya nito.

Kolaborasyon naman ng sayaw at musika ang pagtatanghal ng ballet. Tatlong mahuhusay na kompositor ang lumikha ng musika ng tatlong kuwento. Sina Mon Faustino ang nagsaayos ng mga komposisyon ng mga beteranong kompositor, tulad nina Nicanor Abelardo, Antonino Buenaventura, Levi Celerio, Lucrecia Kasilag at George Canseco (*Prinsipe ng mga Ibon*), samantalang ginamit para sa dalawang kuwento ang orihinal na komposisyon nina Joey Ayala (*Kapatid ng Tatlong Maria*) at Ryan Cayabyab (*Mabiwagang Biyolin*). Tatlong mahuhusay na koryograper din ang bumuo ng sayaw sa bawat kuwento -- sina Osias Barroso, Lisa Macuja-Elizalde, at Tony Fabella. *Hybrid* ang estilong ginamit, na pinaghalong *classical ballet*, *ethnic dance*, at *mime*.

Hindi rin matatawaran ang *set design* at mga *costume* na hindi inilayo sa mga ilustrasyon ni Frances Alcaraz. Layunin ng pagtatanghal na itaguyod ang pagbabasa ng mga aklat sa pamamagitan ng pagpapakilala sa mga tauhan sa ballet. Naging matapat ang produksyon sa muling pagsasalaysay ng tatlong kuwento at matagumpay na *standing ovation* ang naging pagtanggap sa bawat pagtatanghal dahil sa husay ng kabuuang produksyon ng Ballet Manila.

*Ang Jesuit Communications at Drama sa Radyo:  
Mga Kuwento ni Lola Basyang*

Pinaka-epektibo ang radyo sa pag-abot sa mga audience sa mga malalayong lugar. Pinakahuli ang proyekto ng Jesuit Communications na drama sa radyo na “Mga Kuwento ni Lola Basyang” na isinasahimpapawid ng Radio Veritas 846 tuwing Biyernes, ika-1:00 hanggang 1:30 ng hapon. Isang kaaya-ayang *jingle* ang simula ng programa kasunod ng “drama” sa buhay ng maglolola. Nag-iiba-iba ang mga apo dito ni Lola Basyang, hindi



Ang may-akda (kanan) sa istasyon ng Radio Veritas 846 na siyang nagsasahimpapawid ng **Mga Kuwento ni Lola Basyang** na handog ng Jesuit Communications.

tulad ng orihinal sa *Liwayway* na may nakatakang mga pangalan ang paulit-ulit na lumalabas bilang mga apo ni Lola Basyang tulad nina Panching, Charing, Felicing at Efren. Sa radyo, lahat ay “apo” ni Lola Basyang kaya’t palipat-lipat siya ng mga bahay sa mga pamilyang may kaya at karaniwan, sa siyudad man o sa mga liblib na probinsya, sa mga subdibisyon hanggang sa mga bahay sa tabing dagat at bundok, sa mga Kristiyano at Muslim.

Halimbawa, sa kuwentong “Ang Prinsipeng Duwag,” dinalaw ni Lola Basyang sina Ben at Tanya. Tulad din ng nasa kuwento, kung saan ang Prinsesa Maria ang lumaban sa digmaan dahil duwag ang kanyang asawa, may pagbubuwig rito sa istiryotipo ng katangian ng babae at lalaki. Mahilig magluto si Ben kaya’t siya ang inaasahan sa pagluluto ng hapunan pagkagaling niya sa paaralan, sapagkat nagtatrabaho sa pabrika ang kanyang mga magulang. Si Tanya naman ay mahilig sa pagkukumpuni ng mga

Bellen

kung anu-ano sa bahay. Sa episode na iyon, kinukumpuni ni Tanya ang gripo sa kanilang banyo nang dumating si Lola Basyang.

Karaniwang ibinubunsod ng mga sitwasyon ng dinatnang mga “apo” ni lola ang magiging kuwento niya. Hindi sinasabi ang aral sa huli ngunit may mga realisasyon ang mga tauhang apo o kaya’y may nagiging pagbabago sa sitwayon. Simple ang mga sound effects at karaniwang *volunteer* lamang ang mga nagsisipag-bosees sa drama. Tanging si Devi Paez na nagboboses bilang Lola Basyang ang siyang *mainstay* sa programa.

Presentable ang drama, bagama’t wala pang ganap na pagtatasa sa tinatakbo ng programa. Gayunpaman ay nagpapatuloy pa rin ito sa kanyang ikatlong buwan.

## Konklusyon

Sa iba’t ibang anyo ng “Mga Kuwento ni Lola Basyang,” naging institusyon ang boses ng matandang babaeng tagapagkuwento. Dahil na rin sa imahen ng lolang nagkukuwento sa kanyang mga apo, naitatak hanggang sa kasalukuyan ang nakapaloob ditong *dynamics* ng pamilyang Pilipino kung saan ekstensyon ang lola sa pagpapalaki ng mga apo dahil sa nagtatrabaho ang mga magulang. Gayundin naman ang tradisyong naipapasa sa mga anak ang mga pagpapahalagang humubog din sa kanilang mga magulang sa pamamagitan ng matatanda sa pamilya na siyang nagsisilbing gabay sa mga bata tulad ng lola. Kaya’t wala man ang lola sa naging programa sa telebisyon at pati na sa mga picture book, sumasapat ang pamagat upang “makita” ng mga audience at mambabasa si Lola Basyang at pakinggan ito ng anumang henerasyong nais niyang kausapin. Nagsisilbing *panoptic* ang lola. Kaya nga higit na naging epektibo ang dula, ballet at radyo dito nang muling ibalik ang lola at ang kanyang mga apo. Nakauugnay nang higit ang mga audience sapagkat nailalapit sa kanila ang mga paksang ikukuwento dahil sa may kaugnayan ito sa kanilang buhay, panahon, espasyo, posisyon, at sitwasyon. Ayon nga sa antropolohistang si Dr.

Prospero Covar, “Ang pundasyon ng Pilipinas ay nakasalalay sa pamilya (sambahayan) at nakaangkla naman sa lakas ng bayan (sambayanan).

Maipaliliwanag rin ang patuloy na paglalahad ng “Mga Kuwento ni Lola Basyang” sa iba’t ibang anyo dahil sa paggamit ng apropiasyon sa mga tradisyunal na kuwento para maiangkop ang mga banyagang kuwento sa kultura at pagpapahalagang Pilipino. Halimbawa, maaaring ang mga tagpuan ng kuwento ay Europa, Tsina, at Persia, subalit Pilipino ang mga tauhan at namumuno sa mga bayang iyon. Sa isang postkolonyal na pagtingin, masasabing paraan din ng “pananakop” ng isang bansang nagdaan sa ilalim ng pananakop ang ganitong mekanismo ng mga kuwento.

Ang anyo namang pantasya ng mga kuwento ang naging dahilan upang hindi agad magkaroon ng tiyak na lugar ang mga kuwento sa kasaysayan ng panitikan sa Pilipinas, ngunit ito rin ang naging dahilan upang kilalanin ito bilang isa sa mga pinagugatan ng mga kuwentong pambata sa Pilipinas sa kinalaunan. Isang epektibong genre ang panitikang pambata sa pagtanim ng mga pagpapahalagang Pilipino sa mga susunod na tagapamuno ng kanilang henerasyon.

### Talasanggunian

Ang babaing mahiwaga. (1926, Mayo 28). *Liwayway*.

Ang prinsesang naging pulubi. (1926, Enero 29). *Liwayway*.

Ang Relikaryo ni Attan. (1926, Pebrero 5). *Liwayway*.

Bellen, C. S. (2003). Bisa ng pantasya: Ang imahinasyon sa mga kuwento ni Lola Basyang ni Severino Reyes. Unpublished master’s thesis, College of Social Sciences and Philosophy, University of the Philippines, Diliman.

Hernandez, P., OSA. (1991). *The Augustinians in the Philippines and their contribution to the printing press, philology, poetry, related literary history and sciences*. Makati: Colegio de San Agustin Press.

In hoc signo vinces (Himala ng krus. (1927, Abril 8). *Liwayway*.

Bellen

- Lumbera, B. & Lumbera, C. N. (1997). *Philippine literature: A history and anthology* (rev.). Manila: Anvil Publishing Inc.
- Lumbera B. (1997). *Reevaluation 1997*. Manila: UST Publishing House.
- Reyes, S. (ed.). (2001). *Tellers of tales, singers of songs: Selected critical essays*. Manila: De La Salle University Press.
- Rosenberg, D. (1997). *Folklore (myths and legends): A world perspective*. NTC Publishing Group.
- Samson, L. (1981). Kahirapan at ideolohiya sa panitikang popular. *Diwa: Dyornal sa Sikolohiya, Agham, Kultura at Lipunan*, 10(1-4).
- Smith, L. (1953). *The unreluctant years: A critical approach to children's literature*. Chicago: American Library Association.

---

*Christine S. Bellen is a faculty member of the Department of Filipino, School of Humanities, Ateneo de Manila University and the current director of the Ateneo Institute for Literary Arts and Practices (AILAP). She has written prize-winning stories for children and authored children's books retelling the stories of Lola Basyang.*

This document was created with Win2PDF available at <http://www.win2pdf.com>.  
The unregistered version of Win2PDF is for evaluation or non-commercial use only.  
This page will not be added after purchasing Win2PDF.